₱rice Alert

Disyembre 2011

PATULOY NA PAGTAAS NG PRESYO: KAYA PA BA NATING MAGPASKO?

Tuloy tuloy pa rin ang pagtaas ng presyo ng bilihin kaya naman hirap nang makaagapay ang mga kababaihan sa pagbabadyet ng maliit na kita ng pamilya, lalo na ngayong magpapasko.

Simula Oktubre 2010 hanggng Oktubre 2011, tumaas ang karamihan kung hindi man lahat ng produkto. Pinakamalaki ang itinaas ng presyo ng mga pantimpla katulad ng patis, toyo, at suka. Malaki ang epekto nito sa mga pamilya lalo na't para sa ilang mga pamilya sa maralitang lungsod, halos ito na lamang ang kanilang isinasahog sa kanin bilang pagkain nila sa araw araw.

Sa mga iba pang binibili ng mga nanay, marami pa rin ang nagtaas ng presyo. Halimbawa, sa gatas, ang itinaas ng presyo ay mula P.05 hanggang P6.00. Ang problema, hindi naman lahat ng tindahan ay mayroong maraming produkto na puwedeng pagpipilian.

Price Monitoring of Basic Commodities in Metro Manila, October 2010 – October 2011

Basic Necessities	Number of Brands	Range of Price Increase in Peso	Range of Price Increase
CANNED SARDINES	6	.10 - 1.15	.88%-9.91%
PROCESSED MILK			
Condensed Filled	2	2.05 - 3.40	4.56%-6.53%
Evaporated Filled	2	1.75 - 2.00	5.15% - 6.15 %
Powdered Filled	4	.05 - 6.00	.07% - 13.56%
COFFEE (REFILL)	6	.75 - 4.60	4.84% - 13.67%
DETERGENT/LAUNDRY SOAP	5	.75 - 3.95	1.33% - 10.19%
PROCESSED/CANNED PORK			
Luncheon Meat	2	.05 - 1.75	.18% - 3%
PROCESSED/ CANNED BEEF			
Corned Beef*	2	1.60	6.18%
INSTANT NOODLES-Chicken Flavor	2	.30 - .50	5.26 - 7.69%
VINEGAR	2	.80 - 1.00	7.84% - 9.09%
PATIS	3	2.40 - 30	15.64 - 27.27%
SOY SAUCE	2	.50 - 1.90	4% - 15.70%
TOILET SOAP	3	1.00 - 1.70	3.64% - 7.98%

* one brand decreased its price by 3.97%
Included here are products monitored both on October 2010 and October 2011.
Source: DTI Price Watch

Lalo pang pinapataas ang presyo ng mga produktong ito dahil sa 12% e-VAT (expanded value added tax) na sinisingil sa bawat produktong binibili. Malaking tulong sana sa mga nanay kung tatanggalin ang e-VAT sa mga pangunahing bilihin. Halimbawa, kung ang isang lata ng sardinas na nagkakahalaga ng P12.50 ay tatanggalan ng 12% e-VAT, may P1.50 nang matitipid at magagamit sa iba pang pangangailangan. Kaya naman, ang pagtanggal ng e-VAT ay isang kongkretong aksyon para makaagapay ang mga mamimili sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

CWR Center for Women's Resources Since 1982

127-B Sct. Fuentebella Brgy. Sacred Heart
Quezon City 1103 * 411-2796 * 920-1373
cwrgrl@gmail.com * www.cwrweb.com